

Avian influenza (bird flu) sa BC

Paano ko ba mapropektahan ang aking sarili?

Huling update: Abril 2024



Ano ang avian influenza (bird flu)

Ang **avian influenza (bird flu)** ay isang virus na madaling kumakalat mula isang ibon patungo sa ibang ibon. Nagdudulot ito ng sakit sa mga ibon at maaaring mamatay ang mga ibon dahil dito. Bagama't ang mga ibon tulad ng mga manok, pabo, gansa, pato, at swans ay ang karamihang naapektohan nito, maaari rin nito maapektohan ang ibang mga hayop.


Maaari ring mahawa ng avian influenza ang mga tao. Kung ikaw ay nalantad sa isang ibon o hayop na may sakit, maaari ka ring magkasakit. Maaari kang magkasakit kapag hinipo mo ang mga may sakit na ibon o hayop, at pagkatapos ay hinipo mo ang iyong mga mata, ilong, bibig, o mukha. Ang mga sintomas ay katulad ng mga sintomas ng regular (human) na trangkaso.

Kung ang avian influenza ay kumalat sa mga tao, ang virus ay maaaring magbago at mas madaling kumalat, at mas maraming mga tao ang magkakasakit. **Kapag prinotektahan mo ang iyong sarili, mapropektahan mo rin ang iba.**

Mahalagang gumawa ng mga hakbang para mabawasan mo ang iyong mga tsansang magkasakit mula sa avian influenza. **Sundin ang tips na ito para panatiliing ligtas ang iyong sarili at ang iba.**

Ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay malapit sa isang may sakit o patay na hayop

- **Huwag hipuin** ang mga may sakit o patay na hayop o ang kanilang mga dumi.
- **Huwag dalhin** ang mga may sakit na wild animals (mababangis na hayop) sa iyong tahanan.
- **Ilayo ang iyong mga alagang-hayop** sa mga may sakit o patay na hayop at sa kanilang dumi (tae). Hadlangan silang hipuin o kainin ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapanatili ng leash sa kanila.
- **Ireport ang mga patay o may sakit na ibon o mga hayop** tulad ng sumusunod:



Uri ng ibon o hayop	Sino ang kokontakin
Mga alagang hayop hal., mga alagang hayop, poultry at iba pang livestock	Canadian Food Inspection Agency
Mga ligaw na ibon hal., seabirds, gansa, pato, agila	BC Wild Bird Mortality Line: 1-866-431-2473
Mga ligaw na mammal hal., foxes, racoon, skunks, minks	Kapag mga regular na oras ng trabaho: BC Wildlife Health Program (250-751-7246) Pagkatapos ng mga regular na oras ng trabaho: ang iyong pinakamalapit na wildlife rehabilitator
Marine mammals hal., seal, dolphin, porpoise	BC Marine Mammal Response Network 1-800-465-4336

Paano ligtas na hawakan ang isang may sakit o patay na hayop

- Kung kailangan mong hawakan ang mga may sakit na ibon o mga hayop, **limitahan ang direktang contact** sa isang may sakit o patay na hayop at **mintinahin ang distansiya** gamit ang isang tool o shovel kapag maaari.
- Ang sumusunod na **protective equipment** ay inirerekomenda rin:
 - Medical mask
 - Rubber o disposable gloves
 - Proteksyon sa mata (hal., goggles, face shields, safety glasses) disposable gown o coveralls
 - Disposable protective shoe/boot covers o rubber boots
- **Huwag hipuin ang iyong mukha** habang o pagkatapos hawakan ang mga may sakit o patay na hayop.
- **Laging hugasan ang iyong mga kamay** gamit ang sabon at tubig pagkatapos hipuin ang isang may sakit o patay na hayop at pagkatapos tanggalin ang guwantes.
- **Linisin, i-disinfect, o itapon** ang anumang kasuotan, equipment, o ibabaw na maaaring kontaminado, gamit ang mga hakbang na nakalarawan dito.



Kung humipo o humawak ka sa isang may sakit o patay na mabangis na hayop

Pagmasdan ang sarili nang 10 araw at tingnan kung mayroon kang mga sintomas pagkatapos malantad sa mga may sakit o patay na mga hayop.

Kabilang sa mga sintomas ang:



Kung masamâ ang iyong pakiramdam pagkatapos malantad sa avian influenza

Kung nagkaroon ka ng mga sintomas sa loob ng 10 araw pagkatapos malantad sa mga may sakit o patay na mga hayop:

- **Sabihin sa iyong health care provider** na ikaw ay nadikit sa mga hayop at inaalala mo ang avian influenza. Makakatulong ito sa kanya na bigyan ka ng naaangkop na payo sa testing at sa pagpapagamot.
- **Manatili sa tahanan at lumayo sa iba** habang ikaw ay may mga sintomas hanggang 24 oras pagkatapos mawala ang iyong mga sintomas. Kung kailangan mong lumapit sa iba, **magsuot ng mask at madalas na hugasan ang iyong mga kamay**.

Para sa karagdagang impormasyon

- BC Centre for Disease Control: bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/avian-influenza
- BC Ministry of Agriculture and Food: [Avian influenza \(AI\) - Province of British Columbia](#)
- BC Ministry of Water, Lands and Resource Stewardship: [Wildlife Health](#)
- Canadian Food Inspection Agency: [Status of ongoing avian influenza response by province](#)
- Public Health Agency of Canada: [Wildlife and avian influenza – Handling guidelines to protect your health](#)